

ANONG MGA BAKUNA ANG KAILANGAN MO?

Mga Bakunang Inirerekomenda para sa Mga Taong Nasa Panganib na Magka-Mpox at/o Mayroong HIV



BAKUNA	TUNGKOL SA BAKUNA	SINO ANG PWEDE	BAKIT KAILANGAN	KAILAN PWEDE	SAAN MAKUKUHA
BAKUNA LABAN SA TRANGKASO	Bakuna para protektahan laban sa karaniwang virus ng trangkaso.	Lahat ng edad anim na buwan pataas. Maaaring kailanganin ng ilang bata ang maraming dosis.	Makakatulong ito sa pagprotekta laban sa sakit, pagpapaospital, at kamatayan. Para sa mga may trangkaso, maaari nitong mabawasan ang kalubhaan ng sakit.	Taon-taon. Pinakamainam magpabakuna laban sa trangkaso sa Setyembre at Oktubre.	Mga departamento ng kalusugan, botika, at opisina ng doktor. Maghanap ng lokasyon sa vaccinate.virginia.gov
BAKUNA LABAN SA COVID-19	Bakuna para protektahan laban sa mga variant ng COVID-19 na inaasahang pinakakaraniwan.	<ul style="list-style-type: none"> Lahat ng edad anim na buwan pataas. Maaaring rekomendahan ang ilang tao (mga bata, may mahihinang immune system, mas matatandang adulto) ng maraming dosis. 	Makakatulong ito sa pagprotekta laban sa malubhang sakit, pagpapaospital, at kamatayan. Maaaring bawasan din nito ang panganib ng Mahabang COVID.	Kapag naging available na ang na-update na bakuna laban sa COVID-19 (karaniwan sa taglagas). Kung kamakailan ay nagka-COVID-19 ka, malamang na mayroon kang imyunidad na nakabatay sa impeksiyon at maaaring isaalang-alang na maghintay ng 3 buwan pagkatapos ng impeksiyon bago magpabakuna.	Mga departamento ng kalusugan, botika, at opisina ng doktor. Maghanap ng lokasyon sa vaccinate.virginia.gov
BAKUNA LABAN SA MPOX	Bakuna na may dalawang dosis para protektahan laban sa mpox.	<ul style="list-style-type: none"> Mga taong may nakasalamuhang may mpox. Mga taong may mataas na panganib na magka-mpox. <p><i>Ang mga taong gumaling na mula sa mpox ay hindi nangangailangan ng bakuna.</i></p>	Makakatulong ito para maiwasan ang malubhang sakit, pagpapaospital, at kamatayan. Para sa mga nagka-mpox, maaari nitong mabawasan ang kalubhaan ng sakit.	Agad-agad kung kwalipikado ka. Kunin ang parehong dosis para sa pinakamahusay na proteksyon. Kung matagal-tagal mo nang natanggap ang iyong unang dosis, hindi pa huli para tanggapin ang ikalawa.	Karamihan sa mga departamento ng kalusugan at ilang opisina ng doktor. Maghanap ng lokasyon sa vdh.virginia.gov/health-department-locator .
MENINGOCOCCAL VACCINE	Isang bakuna para tulungang maiwasan ang meningococcal na sakit. May dalawang dosis ang bawat uri ng bakuna. Maaaring mangailangan ng higit pa ang ilang tao na may mga partikular na salik ng panganib.	Lahat ng preteen, teenager, at taong may mga partikular na kondisyon sa kalusugan, tulad ng HIV.	Makakatulong ito para maiwasan ang meningococcal na sakit, na nagdudulot ng meningitis, (pamamaga ng lining ng utak at gulugod) o septicemia (impeksiyon sa dugo).	Agad-agad kung kwalipikado ka at hindi pa nakatanggap ng bakuna laban sa meningococcal na sakit. Kunin ang lahat ng inirerekomandang dosis para sa pinakamahusay na proteksyon.	Karamihan sa mga departamento ng kalusugan, botika at opisina ng doktor. Maghanap ng lokasyon sa vdh.virginia.gov/health-department-locator .
IBA PANG MGA BAKUNA	Maaaring kailanganin mo ang iba pang bakuna, tulad ng mga bakuna laban sa impeksyon ng respiratory syncytial virus (RSV) o ng pneumococcal na sakit, batay sa iyong edad, kondisyon sa kalusugan, o iba pang mga salik. Makipag-usap sa isang provider ng pangangalagang pangkalusugan tungkol sa kung aling mga bakuna ang angkop para sa iyo.				

PARA SA HIGIT PANG IMPORMASYON

Trangkaso at COVID-19: vdh.virginia.gov/respiratory-diseases

Mpox: vdh.virginia.gov/mpox

Meningococcal: vdh.virginia.gov/surveillance-and-investigation/meningococcal-disease-outbreak-response

Sa maraming kaso, maaaring ibigay ang mga bakunang ito sa isang pagbisita. Gayunpaman, maaaring isaalang-alang ng mga teenager o mga batang lalaking adulto na nirekomendahan kunin pareho ang mga bakuna ng mpox at COVID-19 na maghintay ng apat na linggo sa pagitan ng mga bakunang ito. Kung may mga tanong ka tungkol sa anumang bakuna, makipag-usap sa isang provider ng pangangalagang pangkalusugan o sa isang parmasyutiko. Kung wala kang isang provider ng pangangalagang pangkalusugan, hanapin ang iyong lokal na departamento ng kalusugan sa vdh.virginia.gov/health-department-locator at makipag-usap sa kanila.